# Kataga ng Buhay

**Agosto 2021**

## "Ang sinumang nagpapakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit"

(Mateo 18:4).

Sino ang pinakadakila: sino ang pinakamakapangyarihan? Sino ang 'panalo' sa lipunan, sa Simbahan, sa pulitika, o sa mundo ng pananalapi?

Ang tanong na ito ay dumadaloy sa mga ugnayan, gumagabay sa mga pagdedesisyon at nagpapasya sa mga kilos na gagawin. Ito ang nangungunang pangangatuwiran na walang malay nating ginagamit sa pagsisikap na siguraduhin ang maganda at mahusay na resulta para sa mga taong nasa ating paligid.

Dito ipinakikilala sa atin ng Mabuting Balita ayon kay Mateo ang mga alagad ni Hesus. Tinanggap nila ang pagpapahayag ng kaharian ng Diyos at nais nilang malaman kung ano ang mga kinakailangan upang sila'y manguna sa pagtatayo ng bagong bayan ng Diyos:"Sino ang pinakadakila?"

Bilang tugon, gumawa si Hesus ng isang di-inaasahang bagay: inilagay Niya ang isang bata sa gitna ng maraming tao at nagwika ng mga salitang malinaw at di pagdudadahan:

**"Ang sinumang nagpapakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit."**

Ipinapakita ni Hesus ang pagkakaiba ng isang mapagtunggali at mapagsariling pag-iisip kung ihahambing sa pinakamahinang bahagi ng lipunan – ang walang posisyong maipagmalaki o maipagtanggol; ang lubos na umaasa lamang at naghihintay ng tulong ng iba. Subalit hindi ito nangangahulugang wala na tayong gagawin o iwasan ang kusang pagkilos at pagiging responsable. Ito'y isang malayang pagkilos ng ating kalooban. Inaanyayahan tayo ni Hesus na "maging maliit" tulad ng mga bata. At ito'y nangangailangan ng layunin at pagtatalaga ng sarili kung nais nating gumawa ng tunay na pagbabago.

**"Ang sinumang nagpapakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit."**

Ganito inilarawan ni Chiara Lubich, ang nagtatag ng Focolare, ang isang 'anak ng Mabuting Balita':"… Buong-tiwalang ipinauubaya ng isang bata ang kanyang sarili sa kanyang ama't ina. Naniniwala siya sa kanilang pagmamahal…Ang mga tunay na Kristiyano, tulad ng mga bata, ay naniniwala sa pagmamahal ng Diyos at ipinauubaya ang sarili sa kamay ng Ama sa langit at buo ang pagtitiwala sa Kanya… Ang mga bata ay umaasa sa kanilang mga magulang sa lahat ng bagay…Tayo ring 'mga anak ng Mabuting Balita' ay umaasa sa Ama sa lahat ng bagay... Alam Niya ang ating mga

pangangailangan, bago pa man nating hilingin ito sa Kanya, at ipinapagkaloob Niya ito sa atin. Ang kaharian ng Diyos ay hindi isang bagay na sinasakop at kinukuha, kundi isang biyaya na tinatanggap mula sa mga kamay ng Ama.”

Binibigyang-diin pa ni Chiara kung paano ganap na ipinauubaya ng isang bata ang kanyang sarili sa kanyang ama at natututunan ang lahat mula sa kanya. Gayundin, “Inilalagay ng ‘anak ng Mabuting Balita’ ang lahat sa awa ng Diyos at, sa paglimot sa nakaraan, nagsisimula siya ng panibagong buhay araw-araw, bukas sa inspirasyon ng Banal na Espiritu at laging mapanlikha. Ang mga bata’y hindi maaaring matututong magsalita nang mag-isa; kailangang may magturo sa kanila. Natututunan ng alagad ni Hesus ang lahat mula sa Salita ng Diyos hanggang sa puntong nagsasalita at nagsasabuhay siya ayon sa Mabuting Balita.”

Mahilig gayahin ng bata ang kanyang mga magulang. “Kaya’t ang ‘anak ngMabuting Balita’…ay nagmamahal sa lahat sapagkat ‘pinasisikat [ng Ama] ang kanyang araw sa masasama at sa mabubuti at nagpapaulan sa mga matuwid at sa mga di-matuwid.” Ang batang ito ay unang nagmamahal dahil minahal tayo ng Ama noong tayo’y makasalanan pa; ang bata ay malayang nagmamahal na walang hinihintay na kapalit, sapagkat ganito rin ang Ama.”[1]

**“Ang sinumang nagpapakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.”**

Sa Colombia, naranasan ni Vicente at ng kanyang pamilya ang mga hamon ng pandemya sa ilalim ng mahigpit na pagpapatupad ng quarantine. Sinulat niya: “Nang magsimula ang curfew, biglang nagbago ang pang-araw araw na pamumuhay. Kinailangang maghanda ng aking asawa at ng dalawang nakakatandang anak para sa mga pagsusulit sa unibersidad. Ang bunso naman ay nahirapang makasabay sa online classes. Walang sinuman sa bahay ang may panahong tumulong sa iba. Batid ang kaguluhang malapit nang sumabog, naunawaan ko na pagkakataon ito para isabuhay ang Sining ng Pagmamahal sa ‘panibagong buhay ’ayon sa Mabuting Balita. Sinimulan kong linisin ang kusina, maghanda ng pagkain, at ayusin ang lahat ng kakainin sa maghapon. Wala akong karanasan sa pagluluto, hindi ako mahusay sa paglilinis, subalit naisip kong makatutulong itong bawasan ang mga tensyon sa araw-araw. Ang nagsimulang gawa ng pagmamahal sa maghapon ay dumami pa sa loob ng maraming buwan. Ang ibang miyembro ng pamilya ay nagsimula na ring maglinis, mag-ayos at magligpit ng damit at iba pang gamit sa bahay. Sama-sama naming napatunayan na totoo ang mga kataga ng Mabuting Balita at ang pagiging malikhain ng pagmamahal ang nagsasabi kung paano maisasaayos ang lahat.

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1. Chiara Lubich,Kataga ng Buhay, Oktubre 2003

Distributed in Japan by Focolare：

www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan

e-mail:tokyofocfem@gmail.com

Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424・Nagasaki: 095-849-3812